1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mathematics

## Quarter 4 – Module 4:
## Solving Problems Involving Days of the Week, Months of the Year, Hour, Half - Hour and Quarter - Hour




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics–Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 4**
**Module 2: Solving Problems Involving days of the week, months of the year, hour, half an hour and quarter hour**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Bernadette B. Ortiguez

**Editor:** Robel E. Rollon

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Jecelyn M. de Leon

**Tagaguhit:** Marites V. Baligod

**Tagalapat:** Jermalyn A. Balisi

**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Rogelio H. Pasinos
Nickoye V. Bumanglag

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Mathematics

## Quarter 4 – Module 4:
## Solving Problems Involving Days of the Week, Months of the Year, Hour, Half - Hour and Quarter - Hour

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Mathematics 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Identifying a number that is one more or one less from a given number.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala Para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Mathematics 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Identifying a number that is one more or one less from a given number.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

***Suriin***

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

***Pagyamanin***

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

***Tayahin***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Karagdagang Gawain***

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

***Susi sa Pagwawasto*** — Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian*** — Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay dinisenyo, nilinang at sinuri upang gabayan ka sa iyong pag-aaral sa ***Solving Problems Involving Days of the Week, Months of the Year, Hour, Half an Hour and Quarter Hour*** . Ang saklaw ng modyul na ito ay pinahihintulutang gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pag-aaral. Ang lengguwaheng ginamit ay naaayon sa bokabularyong lebel ng mga bata. Ang leksiyon ay inayos para makasunod sa pamantayan ng kurso. Pero ang wastong pagkasunud-sunod kung paano niyo babasahin ay maaaring magbago ang sulat sa textbook na iyong ginagamit.

Ang pokus ng modyul na ito ay:

- Solving Problems Involving Days of the Week, Months of the Year, Hour, Half an Hour and Quarter Hour

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inasahang:

- Nalulutas ang mga suliranin na may kinalaman sa mga araw sa isang Linggo, mga buwan sa isang taon, oras, kalahating oras at ika-15 Minuto (MIME-IVb-4)
- Naipakikita ang kawilihan sa paglutas ng mga suliranin na may kinalaman sa mga araw sa isang Linggo, mga buwan sa isang taon, oras, kalahating oras at ika-15 Minuto.



***Subukin***

Isulat ang oras sa patlang at alamin kung gaano katagal ito nangyari.

1. Umalis ng bahay si Adrian ng __________.Nakarating siya ng paaralan ng _________.











Ilang oras magmula sa bahay papuntang paaralan?

_______________




2. Namalengke si Nanay kaninang ___________. Dumating siya ng__________.









Ilang oras namalengke si Nanay? __________

| Aralin1 | Telling Time |
|---|---|

***Balikan***

**Gawain 1**

Isulat ang tamang sagot sa loob ng kahon.

1. Kung ang maiksing kamay ay nakaturo sa 4 at ang mahabang kamay naman ay nakaturo sa 12, anong oras na?
2. Kung ang maiksing kamay ay nakaturo sa 2 at ang mahabang kamay naman ay nakaturo sa 12, anong oras na?
3. Kung ang maiksing kamay ay nakaturo sa 9 at ang mahabang kamay naman ay nakaturo sa 12, anong oras na?
4. Kung ang maiksing kamay ay nakaturo sa 6 at ang mahabang kamay naman ay nakaturo sa 12, anong oras na?
5. Kung ang maiksing kamay ay nakaturo sa 10 at ang mahabang kamay naman ay nakaturo sa 12, anong oras na?

***Mga Tala para sa Guro***

Ang modyul na ito ay nakatutulong upang matutunan ng mga mag-aaral na malaman kung paano lutasin ang mga suliranin na may kinalaman sa mga araw sa isang linggo, mga buwan sa isang taon, oras, kalahating-oras at ika-15 Minuto. Gamit ang mga ilustrasyon lalong mahasa ang

***Tuklasin***

Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong.

Ngayon ay ika-14 ng Pebrero 2020. Naghahanda si Aling Marta sa nalalapit na kaarawan ng kanyang anak na si Lisa. Miyerkules, dalawang araw bago ang kaarawan, namili siya ng mga lulutuing handa. Inimbitahan niya ang kanyang mga kaibigan. Ang kaarawan niya ay magsisimula ng ika 5:00 ng hapon at magtatapos ng ika 8:00 ng gabi.



**Suriin**

Sagutin ang mga tanong.

1. Sino ang may kaarawan?

   ______________________________

2. Sino ang mga inimbitahan ni Lisa?

   ______________________________

3. Kailan ang kaarawan ni Lisa?

   ______________________________

4. Kailan namili ng mga lulutuin si Aling Marta?

   __________________________

5. Anong oras magsisimula ang handaan?

   _________________

6. Anong araw ang kaarawan ni Lisa?

   __________________________________________

7. Ilang oras ang handaan?

   __________________________________________

8. Anong buwan ang susunod sa Pebrero?

   ____________________________

9. Kung lumampas sila ng 30 minuto sa itinakdang oras na matatapos, anong oras ito matatapos?

   ________________________

Ano ang ipinagdiriwang natin kapag ika-14 ng Pebrero? Ano ang dapat gawin sa araw na ito?

   _________________________

| |
|---|
| Binabati kita! Ipagpatuloy ang pagbasa at nang malaman mo ang kasagutan… |

**Kasagutan 1**

Paggamit ng Ilustrasyon

**1. Anong araw ang kaarawan ni Lisa?**

Miyerkules – dalawang araw bago ang kaarawan

Miyerkules, Huwebes, **Biyernes**

**2.Ilang oras ang handaan?**


5:00, 6:00, 7:00, 8:00 **= 3 oras**

**3. Anong buwan ang susunod sa Pebrero?**

Enero, Pebrero, **Marso**

**4. Kung lumampas sila ng 30 minuto sa itinakdang oras na matatapos, anong oras ito matatapos?**

**8:00 + 30 minuto = 8:30**




***Pagyamanin***

Lutasin ang suliranin. Bilugan ang tamang sagot.

1. Nagsisimula ng alas-siete ang aming klase sa umaga. Magririses kami pagkatapos ng dalawang oras. Anong oras ang aming rises?

A. 8:00 B. 9:00 C. 10:00

2. Alas kuwatro ng umaga nagsisimulang magtanim ng palay ang mga magsasaka. Tumigil sila para magpahinga ng alas-siyete. Gaano sila katagal nagtanim?

A. 2 oras B. 3 oras C. 4 oras

3. Linggo ng magsimba kami ng aking mga kaibigan. Napag-usapan nila na magkikita sila pagkatapos ng limang araw. Anong araw sila magkikita?

A. Martes B. Miyerkules C. Huwebes

4. Marso ang anibersaryo ng aking nanay at tatay. Dalawang buwan bago ito, pinag-uusapan na naming magkakapatid kung paano ito ipagdiwang. Anong buwan kami nagusap-usap?

A. Enero B. Pebrero C. Marso

5. Kami ay kumain ng alas dose ng tanghali na tumagal ng 15 minuto. Anong oras kami natapos?

A. 12:10 B. 12:15 C. 12:30



***Isaisip***

Ang **kalendaryo** ay pahina o mga pahina na may petsa, mga araw sa isang linggo at mga buwan ng isang taon. Naglalaman ito ng mga bilang,mga salita at mga larawan o mga mahahalagang pangyayari.

Ito ang halimbawa ng kalendaryo.

| ENERO 2021 | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado |
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |
| 31 | | | | | | |

May pitong (7) araw sa isang linggo. Ito ay ang mga sumusunod:

- Linggo
- Lunes
- Martes
- Miyerkules
- Huwebes
- Biyernes
- Sabado

Bawat araw ay nakapagtatala ka ng mga pangyayari at karanasan sa iyong buhay.

Sa kalendaryo din natin makikita ang mga buwan sa isang taon. Ito ay ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Enero | Hulyo |
| Pebrero | Agosto |
| Marso | Setyembre |
| Abril | Oktubre |
| Mayo | Nobyembre |
| Hunyo | Disyembre |

Ang orasan naman ang nagsasabi ng oras. Dito rin sa araling ito ay matututo kang lumutas ng mga suliranin na may kinalaman sa oras.

### *Isagawa*

Basahin ang bawat sitwasyon at lutasin ang suliranin nito.

1. Noong Huwebes, nakipaglaro si Donna sa kanyang mga kaibigan ng ika-5:00 ng hapon. Naglaro sila ng isang oras at labinlimang minuto. Anong oras umuwi si Donna? _______________

2. May ensayo ng basketbol si Lester sa Sabado ng ika-2:00 ng hapon. Tatagal ito ng dalawang oras at labinlimang minuto. Anong oras matatapos ang ensayo niya sa basketbol?___________

3. May ensayo sa pagpiyano si Rona ng 3:00 ng hapon. Kung aabutin ito ng labinlimang minuto, anong oras ito matatapos?_________________

4. Umuwi si Joel ng 6:10 ng hapon. Nanood siya ng dalawang oras at tatlumpu't limang minuto bago siya matulog. Anong oras siya natulog? _____________

5. May klase si Mika sa Sining ng 1:00 ng hapon. Pagkatapos ng kanyang klase ay magririses na siya. Kung 45 minuto ang tagal ng klase niya sa Sining, anong oras siya magririses? ___________



***Tayahin***

**Gawain 1:**

Panuto: Basahing mabuti at lutasin ang suliranin ng kwento. Bilugan ang tamang sagot.

Ang Tatay ni Dan ay darating sa unang linggo ng Marso. Araw ng Martes ang inaasahan nilang dating niya. Ngunit nais ng Tatay na sorpresahin ang pamilya. Kaya naisip nitong umuwi ng mas maagang buwan. Plano nitong dumating sa ika-28 ng Pebrero sa ganap na ika-9:00 ng gabi.

1.Sino ang darating?

a. Nanay ni Dan      b. Tatay ni Dan

2.Anong buwan at araw siya inaasahang darating?

a. Marso, araw ng Martes

b. Pebrero, araw ng Martes

3.Ano ang nais niyang gawin?

a. sorpresahin ang pamilya

b. takutin ang pamilya

4.Kailan niya naisip umuwi?

a. buwan ng Pebrero ganap na ika-9:00 ng gabi

b. buwan ng Enero ganap na ika-9:00 ng gabi

5.Bakit naisip ng ama na sorpresahin ang pamilya?

a. dahil mahal nito ang pamilya

b. para magyabang

**Gawain 2**

Panuto: Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B.

| | A | B |
|---|---|---|
| 1. | Nagsimulang maglinis ang mga mag-aaral ng ika-4:00 ng hapon. Natapos sila ng ika-4:15. Ilang oras sila naglinis? | *2 oras |
| 2. | Noong Sabado, naglaro sina Berta at ang kanyang mga kaibigan. Mula ika-8:00 hanggang ika- 10:30. Gaano katagal silang naglaro? | *30 minuto |
| 3. | Nagbisikleta si Len mula ika- 3:30 hanggang 5:30 ng hapon. Gaano katagal siya nagbisikleta? | *15 |

mi

4. Sa ika- 10:00 magsisimula ang klase namin sa Math, natatapos ito ng ika-10:30. Ilang oras ang klase sa Math?

*2 at kalahating oras

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Bawat ngalan ng buwan ay may katumbas na mahahalagang titik.Lutasin ang mga suliranin nang malaman ang mensahe sa kahon. Piliin ang angkop na titik sa bawat suliraning masasagutan at ilagay sa loob ng kahon.

**L** - Kung ang ikatlong buwan ng taon ay Marso,anong buwan ang kasunod nito?

**I** - Ang mga tao ay nagbibigayan at nagmamahalan, ito rin ang buwan ng kapanganakan ni Hesus?

**V** - Ibinili ng nanay si Adrian ng bisikleta noong Abril dahil kaarawan niya. Nasira niya ito pagkatapos ng tatlong buwan. Anong buwan ito nasira?

**O** - Kaarawan ng nanay ni Ana sa ikalawang linggo ng Nobyembre. Gustong dumalo ng kanyang mga kapatid na nasa Maynila, pero napaaga sila ng dating ng isang buwan. Kailan dumating ang mga kapatid ng kanyang nanay?

**G** - Dinalaw ni Romalyn ang kanyang lolo at lola sa probinsiya noong Marso. Pero inabutan siya ng lockdown sa probinsiya kaya

siya ay nakabalik ng Maynila pagkatapos ng anim na buwan. Anong buwan siya nakabalik ng Maynila?

**E** - Ang pag-ani ng mais ay inaabot ng tatlong buwan. Kung naitanim ito ng Mayo, anong buwan ito maaaring anihin?

**D** - Walong linggo ang lilipas bago maging ganap na manok ang sisiw.

Anong buwan ang katumbas nito?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Disyembre | Abril | Oktubre | Hulyo | Agosto |
| Setyembre | Oktubre | dalawa | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1. 6: 45,
   7:00
   15
   minuto

2. 9: 00,
   10:00
   1 oras

**Balikan:**

1. 4:00
2. 2:00
3. 9:00
4. 6:00
5. 10:00

**Suriin:**

1. Lisa
2. Mga kaibigan
3. Pebrero 14, 2020
4. Miyerkules
5. 5:00 ng gabi
6. Biyernes
7. 3 oras
8. Marso
9. 8:30
10. Araw ng mga Puso

**Pagyamanin:**

1. B
2. B
3. C
4. A
5. B

**Isagawa:**

1. 6:15
2. 4:15
3. 3:15
4. 8:25
5. 1:45

**Tayahin:**

**A.**

1. B 2. A 3. A 4. A 5. A

**B.**

1. 15 minuto

2. 2 at kalahating oras

3. 2 oras

4. 30 minuto

**Karagdagang Gawain:**

I L O V E G O D

**Sangunian:**

Mathematics (Grade 1 To 10)". Reprint, Pasig City: Department of Education, 2016. p.9

Department of Education. "Most Essential Learning Competencies Matrix, K to12 Curriculum (Grade 1 to 10)". Pasig City: Department of Education, 2016.p.165

Mathematics Kagamitan ng Mag-aaral (Grade 1), Soledad A. Ulep, PhD, et. al, Unang Edisyon 2012, p. 65-68

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph